

Personal Protective Equipment (PPE)

Ang **PPE** ay anumang kagamitan na ginagamit upang protektahan ang mga mata, mukha, ulo, katawan, braso, kamay, binti, at paa gaya ng gwantes, goggles, helmet, head cover, protective gown, botas, protective shield, o barriers, atbp.




Gwantes

Magsuot ng gwantes kung makatuwirang inaasahan na magkakaroon ng contact sa mga mapanganib na kemikal, gamot, dugo, posibleng nakahahawang mucous membranes, o iba pang mapanganib na materyales.

Proteksiyong Damit

Magsuot ng proteksiyong damit na angkop sa gawain upang maprotektahan ang balat at maiwasan ang pagdumi ng damit habang nagsasagawa ng mga procedure at aktibidad na maaaring magdulot ng contact sa mga mapanganib na kemikal, gamot, dugo, o body fluids.



Proteksyon sa mukha at mata

Magsuot ng naaangkop na proteksyon sa mukha at mata kapag may panganib ng splashes, sprays, o spatters ng hazardous materials na maaaring tumama sa mata, ilong, o bibig.

Kinakailangan ng Occupational Safety and Health Administration (OSHA) ang taunang fit test upang masiguro ang tamang pagkakasukat ng anumang respirator na mahigpit na nakadikit sa mukha ng manggagawa bago ito gamitin sa lugar ng trabaho.